## Inilalarawan sa ibaba ang mga bakuna (mga shot) at screening na maaaring bahagi ng mga pagbisita ng provider ng iyong anak.

Ang lahat ng mga tagubilin na pinatutupad ng Molina ay mula sa American Academy of Pediatrics, Advisory Committee of Immunization Practices, U.S. Preventive Services Task Force, at Centers for Disease Control and Prevention.

**Bakuna sa Hepatitis B** – Mga sunod-sunod na tatlong shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng seryosong impeksyon sa atay. Ang sakit na ito ay maaaring mauwi sa pagkasira ng atay, cancer sa atay, o kamatayan.

**Rotavirus** - Mga sunod-sunod na shot upang maiwasan ang malalang diarrhea sa maliliit na bata.

**Diphtheria, Tetanus, Pertussis (DTap)** - Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng mga lubhang nakakahawang sakit na sanhi ng baktirya na diphtheria, tetanus, o pertussis (tusperina). Noong wala pa tayong makukuhang shot tulad nito, maraming bata ang namamatay dahil sa mga impeksyong ito.

**Pneumococcal** - Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga batang nasa limang taong gulang pababa sa pagkakaroon ng sakit na nagiging sanhi ng impeksyon sa baga, meningitis, mga impeksyon sa dugo, impeksyon sa tainga at maging ang kamatayan.

**Hindi Aktibong Polio na Bakuna** - Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng polio, isang impeksyon na pumaparalisa o magiging sanhi ng kamatayan.

**Haemophilus Influenza Type B** - Mga sunod-sunod na shot upang maiwasan ang impeksyon ng isang virus sa mga sanggol at mga bata. Kung wala ang mga shot na ito, maaaring magresulta ito ng pagkabingi sa mga bata, pagkakaroon ng mga impeksyon sa utak o kamatayan.

**Trangkaso (flu)** – Isang shot kada taon upang protektahan ang mga batang 6 buwan at pataas sa pagkakaroon ng trangkaso. Inaalok na magsisimula kada Taglagas. Lalong mahalaga para sa ating mga anak na mayroong asthma at iba pang malulubhang problema sa kalusugan.

**Mga Tigdas, Mumps, Rubella** - Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakarooon ng mga seryosong sakit na maaaring maging sanhi ng mga impeksyon sa tainga, pneumonia, pinsala sa utak at mga depekto sa pagsilang sa mga babaeng buntis.

**Varicella** - Isang shot upang pretektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng bulutong. Maaaring magkaroon ng pneumonia ang ilang mga bata dahil sa karamdamang ito.

**Hepatitis A** - Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakarooon ng seryosong sakit sa atay na maaaring maging sanhi ng dilaw na balat (jaundice) o mga mata, malalang pananakit ng tiyan, at diarrhea.

**Human Papilloma Virus (HPV)** - Mga sunod-sunod na shot upang maiwasan ang mga genital wart at iilang uri ng cancer. Napakaepektibo kapag ibinigay sa panahon ng pagkabata.

**Screening ng Lead sa Dugo** - Isang pagsusuri sa dugo na isinasagawa sa mga 12 buwan at 2 taong gulang, na mayroong catchup test sa 3-5 taong gulang kung hindi naisagawa ang mga unang test. Mga pagsusuri ito para sa matataas na level ng lead sa mga bata, na maaaring maging sanhi ng pananakit ng tiyan, pananakit ng ulo, mga problema sa pagkatuto at kombulsiyon.

**Tuberculosis (TB)** - Mga sunod-sunod na screening upang masuri ang panganib ng TB. Ang tuberculosis ay isang sakit na sanhi ng baktirya na maaaring umatake sa baga, kidney, spine, at utak. Kapag may panganib na magkasakit ng TB ang iyong anak, maaaring magsagawa ng pagsusuri sa dugo o balat upang malaman ito.

**Dyslipidemia** - Mga sunod-sunod na screening para sa taba (lipid) sa dugo, na mayroong pagsusuri sa dugo na isasagawa sa pagitan ng 9-11 taong gulang upang alamin kung matataas o hindi ang balanse ang taba.

**Anemia** - Mga sunod-sunod na screening, na mayroong pagsusuri sa dugo na isasagawa sa mga edad na 12 buwan, upang masuri ang panganib ng mababang bilang ng blood cell. Maaaring maging sanhi ito ng kakulangan ng oxygen at puwede kang makadama ng pagod at panghihina dahil dito.

**Screening sa Autism Spectrum Disorder (ASD)** - Isang screening upang suriin ang ASD, isang kapansanan sa paglaki dahil sa mga pagkakaiba-iba sa utak. Kadalasang nahihirapan ang mga batang mayroong ASD sa pakikisalamuha sa ibang tao at maaaring kakaiba ang kanilang paraan sa pag-aaral, pagkilos, o pakikinig.

**Screening sa Depresyon ng Ina** - Isang screening para sa depresyon na maaaring mangyari pagkatapos ng panganganak. Saklaw nito ang mga kondisyong makakaapekto sa mga babae sa panahon ng pagbubuntis at hanggang isang taon ng postpartum.

**Screening sa Paglaki** - Isang screening na isinasagawa sa iilang yugto ng paglaki upang tiyaking lumalaki ang iyong anak sa malusog na paraan.

**Screening sa Hepatitis B** - Isang screening upang masuri ang panganib ng Hepatitis B na isasagawa sa bawat well exam mula pagsilang hanggang 20 taon. Ang sakit na ito ay maaaring mauwi sa pagkasira ng atay, kanser sa atay, o kamatayan.

**Flouride Varnish** - Simula sa edad na 6 buwan o sa unang paglabas ng ngipin, maglalagay ng fluoride varnish sa ngipin ng bata. Ang fluoride varnish ay isang dental na paggamot na maaaring makatulong upang maiwasan ang pagkabulok ng ngipin, patagalin ito, o pigilan ang paglala nito.

**Oral na Kalusugan** - Isang inspeksyon sa bunganga na isinasagawa sa panahon ng mga well child na pagbisita upang tiyaking malusog at nabubuo nang maayos ang bunganga at mga ngipin. Kapag hindi napatingin sa dentista ang bata na edad 12 buwan, dapat i-refer ng doktor sa dental home para sa mga regular na dental na pagbisita.

**Screening sa Eating Disorder** - Isang screening na isasagawa sa pagitan ng 10 hanggang 20 taong gulang upang matukoy ang mga eating disorder. Maaaring mapanganib ang mga ito at puwede pang maging sanhi ng kamatayan.

**Well Child Exam** - Regular na pupunta sa doktor ang iyong anak para sa check-up upang tiyaking nananatili silang malusog. Kakausapin ka ng doktor tungkol sa kalagayan ng iyong anak, anumang alalahanin mayroon ka, at susuriin ang iyong anak. Tatalakayin din nila sa iyo ang mahalagang impormasyon sa kalusugan at kaligtasan tungkol sa kung ano ang aasahan habang lumalaki ang iyong anak.

Upang makatanggap ng impormasyong ito sa napili mong wika at ma-access na format, tumawag sa Member Services. Makikita ang number sa likod ng iyong ID card.



# Mga Tagubilin sa Paglaki at Pananatiling Malusog

(Pagsilang hanggang 10 Taon)

MolinaHealthcare.com

32122BROMDCATL
231207

MOLINA® HEALTHCARE

# Mga Tagubilin sa Paglaki at Pananatiling Malusog (Pagsilang hanggang 10 Taon)



Ang pagpapalaki ng bata ay maaaring isang malaking trabaho! Maaaring nakalilito kung kailan sila kailangang dalhin sa doktor. Sundin ang guide na ito upang tulungan ang iyong anak na lumaking malusog!

| | Pagsilang | 1 Buwan | 2 Buwan | 4 Buwan | 6 Buwan | 9 Buwan | 12 Buwan | 15 Buwan | 18 Buwan | 2 Taon | 30 Buwan | 3 Taon | 4 Taon | 5 Taon | 6 Taon | 7-10 Taon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bakuna sa Hepatitis B | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | | | Ika-3 Dose | | | | | | | | | | | |
| Rotavirus | | | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | Ika-3 Dose (kapag 3 sunod-sunod na dose) | | | | | | | | | | | |
| Diptheria, Tetanus, Pertussis (DTap) | | | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | Ika-3 Dose | | | Ika-4 Dose | | | | | Ika-5 Dose | | | |
| Pneumococcal | | | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | Ika-3 Dose | | Ika-4 Dose (kapag 4 Sunod-sunod na Dose) | | | | | | | | | |
| Hindi Aktibong Polio na Bakuna | | | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | Ika-3 Dose | | | | | | | | Ika-4 Dose | | | |
| Haemophilus Influenza Type B | | | Ika-1 Dose | Ika-2 Dose | Ika-3 Dose | | Ika-4 Dose (kapag 4 sunod-sunod na dose) | | | | | | | | | |
| Trangkaso (Flu) | | | | | Shot sa Trangkaso - Kada taon (simula sa edad na 6 buwan) - Panahon ng Trangkaso | | | | | | | | | | | |
| Mga Tigdas, Mumps, Rubella | | | | | | | Ika-1 Dose | | | | | | Ika-2 Dose | | | |
| Varicella | | | | | | | Ika-1 Dose | | | | | | Ika-2 Dose | | | |
| Hepatitis A | | | | | | | Ika-1 Dose | | Ika-2 Dose | | | | | | | |
| Human Papilloma Virus (HPV) | | | | | | | | | | | | | | | | Ika-1 Dose (9-10 taon) |
| Screening ng Lead sa Dugo | | | | | | | Na-test | | | Na-test | | Catch-Up Test | | | | |
| Tuberculosis | | | | | | | | | | | | Isang Beses Kada Well Exam | | | | |
| Dyslipidemia | | | | | | | | | | Screening | | | Screening | | Screening | Na-test sa pagitan ng 9-11 taon |
| Anemia | | | | Screening | | | Na-test | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | |
| Screening sa Autism Spectrum Disorder | | | | | | | | | | | | | | | | |
| Screening sa Depresyon ng Ina | | | | | | | | | | | | | | | | |
| Screening sa Paglaki | | | | | |  | | |  | |  | | | | | |
| Screening sa Hepatitis B | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | | | | | | | |
| Screening sa Eating Disorder | | | | | | | | | | | | | | | | Screening sa 10 taon |
| Well Exam ng Bata | | | | | | | | | | | | | | | | |
| Flouride Varnish | | | | | Isang Beses Kada 3-6 Buwan | | | | | | | | | | | |
| Oral na Kalusugan | | | | | Regulat na Magpatingin sa Dentista | | | | | | | | | | | |

Mayroon ka bang mga tanong? Tumawag sa aming 24-oras na Nurse Advice Line: Ingles: (888) 275-8750 | Tagalog: (866) 648-3537 | TTY (Ingles at Tagalog): 711